3

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 7: Pagsulat ng Talata



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

CO_Q2_Filipino 3_ Module 7

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 7: Pagsulat ng Talata**
**Unang Edisyon, 2021**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Linor B. Majestad, Cristine M. Manlangit

**Editor:** Cristy S. Agudera**,** Lorna C. Ragos

**Tagasuri:** Romeo A. Mamac, Emma T. Esteban, Bryan Ephraem E. Miguel

**Tagawasto:** Iris Kristine Mejos

**Tagaguhit at Tagalapat:** Richard Binas, Charlie Tocmo, Jecson L. Oafallas

**Tagapamahala:** Allan G. Farnazo, Josephine L. Fadul, Mary Jean B. Aldeguer, Christine C. Bagacay, Analiza C. Almazan, Lorna C. Ragos, Ma. Cielo D. Estrada, Cristy S. Agudera, Mary Jane M. Mejorada, Alma D. Mercado

**Inilimbag sa Pilipinas ng** _______________________

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 7: Pagsulat ng Talata

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo.

# Alamin



Magandang araw sa iyo aking kaibigan! Kamusta ka na?

Binabati kita, dahil napagtagumpayan mo ang naunang gawain!

Sa araling ito, ay matutuhan mo ang paggamit ng magagalang na pananalita sa pagpapaliwanag.

May mga pagsasanay akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito. Basahin mong mabuti ang panuto sa bawat bahagi at isulat ang iyong mga sagot sa sagutang papel.

Kung nahihirapan kang magbasa sa mga gawain, tawagin mo ang iyong magulang, guro o sinomang kasama mo sabahay at magpatulong ka sa kanya.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- nakasusulat ng talata nang may wastong baybay, bantas, at gamit ng malaki at maliit na letra upang maipahayag ang ideya **(F3KM-IIe-3).**
- nagagamit ang magagalang na pananalita sa angkop na sitwasyon sa pagpapaliwanag **(F3PS-IIb-12.5)**

# Subukin

## Gawain ng Magulang/Guro

- Gabayan ang bata sa pagbabasa. Kung ang bata ay hirap sa pagbabasa, maaari mo siyang sabayan o basahin sa kanya nang malakas ang bawat pahayag.

## Gawain ng Mag-aaral

- Sagutin ang gawain



Kaibigan, basahin at intindihin mo ang mga sumusunod na katanungan. Maaari kang magpatulong sa iyong magulang sa pagbabasa.

A. Panuto: Isulat ang tsek (/) sa iyong sagutang papel kung tama ang gamit ng **bantas** sa pangungusap at ekis ( x ) kung hindi naman.

☐ 1. Madalas makakuha ng mikrobyo ang kamay!

☐ 2. Marami tayong hinahawakangmaruming bagay?

☐ 3. Magsabon ng kamay na hindi bababa sa 20 segundo.

☐ 4. Sundin ang tamang hakbang sa paghuhugas ng kamay.

☐ 5. Gumamit ng sabon at malinis na tubig sa paghuhugas ng kamay.

B. Isulat muli ang talata sa ibaba. Isulat ito nang tama nang may wastong baybay, bantas at malaki o maliit na letra.

Magpinsan sina gina at fe. Nagkita ang dalawa at nagkumustahan. Pinag-osapan nila ang kasalukuyang sitwasyon ng pag-aaral. Noong una? silay ay nahirapan sa pagbabago. Subalit kalaunan, nasanay na rin sila sa bagong sistema ngedukasyon.

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

| Aralin 1 | Paggamit ng Magagalang na Pananalita sa Pagpapaliwanag at Pagsulat ng Talata |
|---|---|

## *Balikan*

**Gawain ng Magulang/Guro**

- Gabayan ang bata sa pagbabasa.
- Ipaliwanag sa kanya ang gagawin.

**Gawain ng Mag-aaral**

- Makinig sa direksyon ng iyong magulang o guro
- Sagutin ang Gawain

Panuto: Piliin mo sa loob ng kahon ang angkop na magagalang na pananalita na ipinapakita sa larawan. Isulat ang iyong sagot sa iyong papel.



1

a. Mano po, lola.
b. Bakit ka ba nandito, lola?
c. Magandang araw.



2

a. Ano ba itong binigay mo?


b. Maraming salamat po.

c. Maganda ba ito?



3

a. Sino ang nag-imbita sa iyo dito?
b. Halika, tumuloy ka sa aming bahay.
c. Hindi ka imbitado dito.



4

a. Diyan ka lang nay!

b. Huwag niyo akong susundan.

c. Paalam po, inay.



5

a. Magandang araw din sa iyo, Lito.
b. Hoy, hintayin mo nga ako.
c. Ang bilis mo namang maglakad.


## *Tuklasin*

### Gawain ng Magulang/Guro

- Gabayan ang bata sa pagbabasa. Kung siya'y nahihirapan, maaari mo siyang sabayan o basahin sa kanya nang malakas ang kuwento at gawain.

### Gawain ng Mag-aaral

- Makinig sa direksyon ng iyong magulang o guro
- Sagutin nang tapat gawain




## Ang Batang Matapat

Isinulat ni: Cristine M. Manlangit

Si Lani ay walong taong gulang at nasa ikatlong baitang. Likas sa kaniya ang pagiging matapat kung kaya ay pinagkakatiwalaan siya ng kaniyang guro at mga kaklase. Tinuruan siya ng kaniyang mga magulang ng mabubuting asal at isa na rito ang pagiging matapat sa kapwa.

Isang araw habang siya ay naglilinis sa silid-aralan ay natapik niya ang plorera ng kaniyang guro. Kinabahan si Lani dahil baka pagalitan siya ng kaniyang guro. Pagdating ng kaniyang guro ay ipinaliwanag niya kaagad ang mga pangyayari.

"Patawarin mo po ako Bb. Reyes. Hindi ko po sinasadyang mabasag ang inyong plorera," pagpapaliwanag ni Lani.

"Naglilinis po kasi ako nang bigla kong natapik ang inyong plorera. Hindi ko po talaga sinasadya Bb. Reyes," dagdag pa ni Lani.

"Okay ka lang ba? Wala ka bang sugat?" pag-aalala ni Bb. Reyes.

"Okay lang po ako Bb. Reyes, hindi naman po ako nasugatan," malungkot na sabi ni Lani.

"Huwag ka nang malungkot Lani, okay lang hindi mo naman sinasadya. Masaya ako dahil hindi ka nagdalawang - isip na sabihin ang totoo," sagot ng kaniyang guro.

"Opo, maraming salamat po Bb. Reyes, sa susunod ay mag-iingat na po ako," pagpapasalamat ni Lani.

**A. Panuto: Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.**

1. Ano ang pamagat ng kuwento?
   A. Ang Batang Makulit
   B. Ang Batang Mabait
   C. Ang Batang Matapat
2. Sino ang batang matapat?
   A. Lani B. Kris C. Ana
3. Bakit siya tinawag na batang matapat?
   A. dahil mabait siya
   B. dahil nagsasabi siya ng totoo
   C. dahil sinungaling siya
4. Ano ang nabasag ni Lani?
   a. Ang baso ng kaniyang guro.
   b. Ang relo ng kaniyang kaklase.
   c. Ang plorera ng kaniyang guro.
5. Kung ikaw si Lani, ano ang nararapat mong gawin?
   A. Hindi ko sasabihin ang nangyari.
   B. Sasabihin ko ang totoo at hihingi ng tawad.
   C. Aalis ako at magpapanggap na walang nangyari.

**B. Isulat ang buod ng mga pangyayari sa kuwento. Isulat ito nang patalata.**

Si Lani ay walong taong gulang at nasa ikatlong baitang.

Isang araw habang siya ay naglilinis sa silid-aralan ay natapik niya ang plorera ng kaniyang guro.

Pagdating ng kaniyang guro ay ipinaliwanag niya ang nangyari.

Humingi siya ng tawad sa kaniyang guro.

Masaya ang kaniyang guro dahil siya ay matapat.

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

> Halina't magpatuloy upang mas lalong mapalawak ang iyong kaalaman tungkol sa atina aralin.





## *Suriin*

**Basahin ang talata na nasa loob ng kahon.**

| |
|---|
| Si Lani ay walong taong gulang at nasa ikatlong baitang. Likas sa kaniya ang pagiging matapat kung kaya ay pinagkakatiwalaan siya ng kaniyang guro at mga kaklase. Tinuruan siya ng kaniyang mga magulang ng mabubuting asal at isa na rito ang pagiging matapat sa kapwa. |

Ang talata ay lipon ng mga pangungusap na pinaunlad upang maipahayag ang iisang kaisipan. Kinakailangang magkakaugnay ang bawat pangungusap nang mailahad ang diwang nais iparating. Naglalaman naman ng diwa ng talata ang paksang pangungusap na kadalasan ay makikita sa unahan o hulihan ng talata.

Ang talata ay lipon ng mga pangungusap na pinaunlad upang maipahayag ang iisang kaisipan. Kinakailangang magkakaugnay ang bawat pangungusap nang mailahad ang diwang nais iparating. Naglalaman naman ng diwa ng talata ang paksang pangungusap na kadalasan ay makikita sa unahan o hulihan ng talata.

## Mga Dapat Tandaan sa Pagsulat ng Talata

1. Dapat nakapasok ang unang pangungusap ng talata.
2. Sa pagsulat ng talata, lahat ng salita, ano man ang bilang ng pantig ay dapat baybayin nang tama.
3. Ang mga malaking titik ay ginagamit sa simula ng pangungusap, tiyak na ngalan ng tao, bagay, hayop o lugar, pamagat ng kuwento o palabas at sa mga buwan at araw.
4. Ang mga bantas na kuwit, tuldok, panandang pananong at padamdam ay iilan sa mga bantas na ginagamit sa pagsulat ng talata.
    a. Kuwit (,) - ang ginagamit sa paghihiwalay ng serye o kaisipan sa pangungusap.
    b. Tuldok (.) – ay inilalagay sa dulo ng pangungusap na pasalaysay at paturol.

c. Panandang Pananong(**?**)– ang ginagamit sa pangungusap na nagtatanong.
d. Panandang Padamdam(**!**) – ang ginagamit sa pangungusap na nagsasaad ng matinding damdamin.

Karagdagang halimbawa:

⟶ Sa panahon ngayon, mahirap magkasakit. Mahal ang presyo ng gamot at pagpapaospital. Kaya naman, gawin natin ang tama upang makaiwas sa sakit. Ang pagtulog nang maaga, pagkain ng masustansiyang pagkain at pag-inom ng vitamins ay ilan lamang sa mga mabuting paraan upang hindi magkasakit.

**Pag-aralan ang nasa loob ng kahon.**

1. Patawarin mo **po** ako Bb. Reyes
2. Hindi ko **po** sinasadyang mabasag ang inyong plorera.
3. Naglilinis **po** kasi ako nang bigla kong natapik ang inyong plorera.
4. Okay lang **po** ako Bb. Reyes, hindi naman po ako nasugatan.
5. Hindi ko **po** napansin ang plorera.

Ang mga pahayag na nasa kahon ay nagpapakita ng paggamit ng mga **magagalang na pananalita sa papapaliwanag**.

Ang **magagalang na pananalita** ay ginagamit sa iba't ibang pamamaraan. Ang paggamit ng mga ito ay nagpapakita ng paggalang sa taong kausap o nakasasalamuha. Kinakailangan ang paggamit ng magagalang na pananalita sa angkop na sitwasyon lalo na kapag tayo ay nagpapaliwanag.

Ang paggamit ng **po** at **opo** ay isa sa mga paraan ng pananalita na nagpapakita ng pagiging magalang sa ating mga nakatatanda o sa ating kapwa. Maaaring maipakita ang paggalang sa pamamagitan ng pagsasalita ng malumanay.

Halimbawa:

Sitwasyon:

Hindi ka nakapasok sa paaralan kahapon dahil nagkasakit ang iyong nanay. Paano mo ito ipapaliwanag sa iyong guro?





Makikita rito na ang bata ay nagpapaliwanag sa kaniyang guro gamit ang magagalang na pananalita.

Halimbawa:

Sitwasyon:

Natagalan ka sa pag - uwi dahil nag- ensayo kayo ng iyong mga kaklase para sa gagawing presentasyon bukas. Paano mo ito ipapaliwanag sa iyong nanay?




Makikita rin dito na ang bata ay nagpapaliwanag sa kaniyang nanay gamit ang magagalang na pananalita sa pakikipag - usap.

# *Pagyamanin*

## Gawain ng Magulang/Guro

- Gabayan ang bata sa mga gawain. Tulungan siya kung nahihirapan, maaari mo siyang sabayan o basahin sa kanya nang malakas ang mga pahayag.

## Gawain ng Mag-aaral

- Sagutin ang mga Gawain

A. Panuto: Piliin ang angkop na magagalang na pananalita sa sumusunod na sitwasyon. (Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel).

Isulat ang letra ng iyong sagot sa sagutang papel.



1. Nahuli sa klase si Lando dahil nasira ang kaniyang bisikleta sa daan. Paano niya ito ipapaliwanag sa kaniyang guro?
   a. Wala kayong pakialam kung mahuli man ako sa klase.
   b. Patawad po ma'am, nasiraan po kasi ako ng bisikleta sa daan.
   c. Nahuli ako dahil nasiraan ako ng bisikleta.



2. Nabangga mo ang isang matanda sa iyong pagmamadali. Ano ang iyong sasabihin?
   a. Kasalanan mo! Hindi ka kasi tumitingin sa dinadaanan mo!
   b. Huwag kang paharang - harang sa daan!
   c. Pasensiya na po nay. Nagmamadali po kasi ako.



3. Tinanong ka ng iyong tatay kung bakit gising ka pa na napakalalim na ng gabi. Ano ang sasabihin mo?
   a. Nag-aaral pa po kasi ako sa aking mga aralin tay.
   b. Hindi ako makatulog!
   c. Wala kayong pakialam sa akin.



4. Nabasag mo ang plorera ng iyong ina. Paano mo ito ipapaliwanag sa kaniya?
   a. Hindi ko po kasalanan iyan.
   b. Hindi ako ang may gawa niyan!
   c. Patawarin niyo po ako inay. Hindi ko po sinasadya.




5. Inimbitahan ka ng iyong kaibigan sa kaniyang kaarawan. Paano mo ito ipapaalam sa iyong ina?
   a. Payagan niyo akong dumalo sa kaarawan ng aking kaibigan!
   b. Dadalo ako sa kaarawan ng aking kaibigan.
   c. Gusto ko pong dumalo sa kaarawan ng aking kaibigan. Sana po ay payagan niyo ako inay.

B. Basahin ang talata at sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang letra ng tamang sagot sa inyong papel.

## Ligtas ang May Alam



Sa panahon ngayon, mahirap magkasakit. Mahal ang presyo ng gamot at pagpapaospital. Kaya naman, gawin natin ang tama upang makaiwas sa sakit. Ang pagtulog nang maaga, pagkain ng masustansiyang pagkain at pag-inom ng bitamina ay iilan lamang sa mga mabuting paraan upang hindi magkasakit.

1. Ano ang pamagat ng talata?
   a. Wastong Pagkain
   b. Ligtas ang May Alam
   c. Pangangalaga sa Sarili

2. Saan dadalhin ang may matinding sakit?

   a. sa paaralan    b. sa palengke    c. sa ospital

3. Ilang oras ang tamang pagtulog ng bata?

   a. 3-4 na oras    b. 5-6 na oras    c. 8-10 oras

4. Paano maalagaan ang sarili laban sa sakit?

   a. Maglaro lagi ng gadget.

   b. Matulog buong araw at gabi.

   c. Kumain ng masustansiyang pagkain.

5. Bakit kailangan ding uminom ng bitamina?

   a. upang mabusog

   b. upang lumakas ang resistensiya

   c. upang matikman ang lasang kendi

C. Sumulat ng talata tungkol sa mga hakbang na ginagawa mo upang makaiwas sa sakit.

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

**RUBRIKS**

| Pamantayan | Katumbas na Puntos |
|---|---|
| Naibibiga ng buong linaw ang hangarin sa pagsulat. | 2 |
| Nagagamit ang tamang salita, bantas at wastong baybay. | 2 |
| May kanilinisan at kahusayan ang pagsulat. | 1 |
| **KABUUAN** | 5 |



# *Isaisip*

## Gawain ng Magulang/Guro

- Gabayan ang bata sa pagbasa ng bawat aytem. Para sa batang hirap sa pagbabasa, maaring basahin sa kaniya nang malakas ang bawat aytem at pasagutan ito.
- Ipaliwanag sa kanya ang gagawin.

## Gawain ng Mag-aaral

- Sagutin ang gawain

A. Panuto: Isulat ang tsek (/) kung tama ang ipinapahayag ng pangungusap at ekis (x) kung mali.

________1. Sa pagsulat ng talata, dapat nakapasok ang unang pangungusap sa talata.

________2. Isulat sa malaking titik o letra ang unang salita ng pangungusap, o tiyak na ngalan ng tao, bagay, lugar at pangyayari.

________3. Gumamit ng angkop na bantas sa hulihan ng pangungusap.



# *Isagawa*

## Gawain ng Magulang/Guro

- Gabayan ang bata sa pagbasa ng bawat aytem. Para sa batang hirap sa pagbabasa, maaring basahin sa kaniya nang malakas ang bawat aytem at pasagutan ito.
- Ipaliwanag sa kanya na kapag ang bata ay nakikipag-usap sa nakatatanda sa kaniya, kailangang gumamit siya ng magagalang na pananalita.

## Gawain ng Mag-aaral

- Makinig sa direksyon ng magulang o guro
- Sagutin ang gawain

A. Basahin ang teksto o talata at sagutin ang mga tanong sa ibaba.

## Tamang Paghuhugas ng Kamay



Sa lahat ng bahagi ng katawan, madalas ang kamay ang makakukuha ng mikrobyo sa paligid. Marami kasi tayong hinahawakang bagay na marumi kung kaya dapat palagi tayong maghuhugas ng kamay bago kumain. Sa paghuhugas ng kamay, mainam na gumamit tayo ng malinis na tubig. Sabunan ang kamay nang maigi na hindi bababa sa 20 segundo saka banlawan. Sundin ang tamang hakbang ng paghuhugas ng kamay upang maiwasan na magkasakit.

1. Ano ang pamagat ng talata?
   a. Tamang Pag-eehersisyo
   b. Tamang Paghuhugas ng Kamay
   c. Tamang Paghuhugas ng Pinggan
2. Saan madalas makukuha ang mikrobyo?
   a. sa silya c. sa paligid
   b. sa damit
3. Kailan maghuhugas ng kamay?
   a. bago kumain c. bago magsipilyo
   b. bago matulog

4. Paano ang tamang paghuhugas ng kamay?
   a. gumamit ng tubig lamang
   b. gumamit ng alcohol at pabango
   c. gumamit ng malinis na tubig at sabon
5. Bakit mahalagang malinis lagi ang ating kamay?
   a. upang makaiwas sa sakit
   b. upang maganda tingnan
   c. upang hindi magalit si nanay

6-10. Sumulat ng isang talata kung bakit mahalaga ang tamang paghuhugas ng kamay.

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________



# *Tayahin*

## Gawain ng Magulang

- Gabayan ang bata sa pagsagot ng mga Gawain.
- Basahin sa kaniya ang bawat aytem kung kinakailangan.

## Gawain ng Mag-aaral

- Basahin at sagutin ang bawat bilang

A. Panuto: Iguhit mo ang masayang mukha  kung ang pahayag ay gumagamit ng magagalang na pananalita at malungkot na mukha  kung hindi. Isulat ang sagot sa malinis na papel.

_______1. "Ako po ay masaya na nakapunta kayo sa aking kaarawan.”

_______2. “Ibigay mo sa akin ang sapatos ko.”

_______3. “Pupunta po muna ako ng tindahan dahil may bibilhin ako.”

_______4. “Umalis ka nga diyan sa aking harapan!”

_______5. “Hindi po ako ang nakabasag ng iyong salamin.”

B. Sumulat ng isang talata tungkol sa iyong sarili.

Ako ay si ______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

## Karagdagang Gawain


A. Basahin ang talata na nasa ibaba ng larawan. Pansinin ang nakasalungguhit. Isulat muli ang talata nang may tamang baybay, bantas at gamit ng malaki/maliit na letra sa sagutang papel.





Magkapatid sina dan at abel. Tuwing umaga? Nakasanayan na nilang gawin ang kani-kaniyang tungkulin. Nagwawalis ng bakuran si Dan habang inaani naman ni Abel ang mga bunga ng kanilang golayan. Masaya nilang ginagampanan ang kanilang Responsibilidad.

**B. Panuto:** Isulat sa lobo ng diyalogo ang magagalang na pananalita na angkop gamitin sa ibinigay na sitwasyon.

1. Napagalitan ka ng iyong ama dahil matagal kang nakauwi kagabi. Paano mo ito ipapaliwanag gamit ang magagalang na pananalita?



2. Lumiban ka sa klase kahapon dahil nagkaroon ka ng lagnat. Paano mo ito ipapaliwanag sa iyong guro gamit ang magagalang na pananalita?



# Susi sa Pagwawasto

Subukin

A. 1. X
2. X
3. /
4. /
5. /

B. Magpinsan sina Gina at Fe. Nagkita ang dalawa at nagkumustahan. Pinag-osapan nila ang kasalukuyang sitwasyon ng pag-aaral. Noong una, silay ay nahirapan sa pagbabago. Subalit kalaunan, nasanay na rin sila sa bagong sistema ngedukasyon.

Balikan

1. a  2. b  3. b  4. c  5. a

Tuklasin

A.
1. C  2. A  3. B  4. C  5. B.

B.
-Ito ay nakadepende sa sagot ng mga bata.

Pagyamanin

A.
1. B  2. C  3. A  4. C  5. C

B.
-Ito ay nakadepende sa sagot ng mga bata.

Isaisip

1. /  2. /  3. /

Isagawa

1. b  2. c  3. a  4. c  5. A

6-10 – Ito ay nakadepende sa sagot ng mga mag-aaral.

Karagdagang Gawain

**A.** Magkapatid sina <u>D</u>an at <u>A</u>bel. Tuwing umaga, Nakasanayan na nilang gawin ang kani-kaniyang tungkulin. Nagwawalis ng bakuran si Dan habang inaani naman ni Abel ang mga bunga ng kanilang g<u>u</u>layan. Masaya nilang ginagampanan ang kanilang <u>r</u>esponsibilidad.

**B.** - Ito ay nakadepende sa sagot ng mga mag-aaral.

Tayahin

A.

1.  2.  3.  4.  5. 

**B.**

Ito ay nakadepende sa sagot ng mga mag-aaral.

# *Sanggunian*


Amaflor, A., Agustin, L., Ambat, A., et al.( 2016). Batang Pinoy Ako. Santa Ana, Manila: Vicarish Publication and Trading, Inc.

Cardinoza F., Trapane J., Alde, Rolle, Brana J., Ramilo R., Margallo L.,

Jaurigue M., Castro D., 2014. *Gabay ng Guro sa Filipino 3*. DepEd – IMCS

Salazar M., Ambat A., Agustin L., Natividad NR, Reyroso C.,2013. *Batang Pinoy Ako*. DepEd – IMCS

Department of Education. "Learning Resource Portal" Last modified November 26, 2013.

https://lrmds.deped.gov.ph/publication

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph